# The City Gazette

OFFICIAL ORGAN OF THE CITY GOVERNMENT


## CITY ORDINANCES

### ORDINANCE No. 52

AMENDING SECTION TWO OF ORDINANCE NUMBERED TWENTY-FIVE, "PROVIDING FOR THE ORGANIZATION, PERSONNEL, EMOLUMENTS, AND PROCEDURE OF THE COMMITTEE FOR THE CONTROL OF HOUSE RENTALS IN THE CITY OF MANILA, AND PRESCRIBING THE PERIOD AND MANNER OF APPEAL FROM THE DECISION OR ORDER OF THE MAYOR OF SAID CITY RELATIVE TO HOUSE RENTALS."

BY virtue of the authority conferred upon me as Mayor of the City of Manila, and pursuant to the provisions of Section 9 of Executive Order No. 117, dated January 4, 1943, of the Chairman of the Executive Commission, and after consultation with the City Board, it is ordained that:

SECTION 1. Section 2 of Ordinance No. 25 is hereby amended to read as follows:

> "SEC. 2. The Committee shall have a recorder who shall attend the deliberations of the same and take down the minutes and keep the records of its proceedings, assisted by such personnel as may be necessary.
>
> The Chairman of the Committee shall receive a compensation of fifteen pesos (₱15) for each day of attendance in the sessions of the Committee. The members shall receive a compensation of ten pesos (₱10) for each day of attendance."

SEC. 2. This Ordinance shall take effect upon approval.

Done in the City of Manila, this 19th day of May, 1943.

(Sgd.) LEON G. GUINTO
*Mayor*

### KAUTUSÁNG BLG. 52

NA BUMABAGO SA TUNTUNING IKALAWÁ NG KAUTUSÁNG MAY BILANG DALAWAMPÚ'T LIMÁ, "NA NAGTATADHANÀ NG PAGTATATAG, MGA KAGAWAD, SAHOD AT PAMAMALAKAD NG LUPONG NANGANGASIWÀ SA PAGPÁPAUPÁ NG MGA BÁHAY SA SIYUDAD NG MAYNILÀ, AT NAGTATADHANÀ NG TANING NA PANAHÓN AT PAMÁMARAAN NG PAGHAHABOL SA KAPASIYAHÁN O UTOS NG ALKALDE NG NASABING SIYUDAD UKOL SA PAGPÁPAUPÁ NG BAHAY."

SA bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at ayon sa mga tadhanà ng Tuntuning iká-9 ng Kautusáng Tagapagpaganáp Blg. 117, noong iká-4 ng Enero, 1943, ng Pangulo ng Lupong Tagapagpaganáp, at matapos makasanggunì sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-úutos na:

TUNTUNING 1. Ang Tuntuning iká-2 ng Kautusáng Blg. 25, sa pamamagitan nitó, ay binabago upáng basahing gaya ng sumúsunód:

> TUNT. IKÂ-2. Ang Lupon ay magkakaroón ng isáng tagapagtaláng dádaló sa pagpupulong ng násabing Lupon at maghahandâ ng akta at mag-íingat ng mga kasulatan ng mga pinag-úusapan, na tutulungan ng mga kawaning kinakailangan.
>
> Ang Pangulo ng Lupon ay tatanggap ng isáng pabuyang labinlimáng piso (₱15) sa bawa't araw na dumaló sa mga pagpupulong ng Lupon. Ang mga kagawad ay tatanggap ng pabuyang SAMPÚNG piso (₱10) sa bawa't araw na dumaló."

TUNT. IKÂ-2. Ang Kautusáng itó ay magkakabisà pagkapagtibay.

Inilagdâ sa Siuyudad ng Maynilà, ngayóng iká-19 araw ng Mayo, 1943.

(May-lagdâ) LEÓN G. GUINTO
*Alkalde*